Ready Virginia
www.ReadyVirginia.gov

Ang pagkahanda sa mga emerhensya ay responsibilidad ng bawa't isa.

Ang mga emerhensya ay maaaring biglaan o hindi inaasahan, tulad ng mga buhawi o mga pagbomba sa kotse. Sa ibang pagkakataon ang mga emerhensya ay maaaring malaman, tulad ng pagbaha at mga pagbagyo ng niyebe.

Kakailanganin mong makaligtas ng mag-isa sa loob ng mga ilang araw matapos ang emerhensya. Ang mga lokal na opisyal at mga kawani sa pananaklolo ay makikita sa pinangyarihan matapos ang sakuna, nguni't hindi sila kaagad makakarating sa bawa't isa. Maaaring abutin ng mga ilang araw bago ka makakuha ng tulong, lalo na kung ang mga daan ay hinarangan at walang kuryente.

Para maghanda sa mga emerhensya, sundin ang mga tatlong hakbang na ito:

1. **Gumawa ng plano** sa iyong gagawin, at pag-usapan ito sa iyong pamilya. Maaaring hindi kayo magkakasama kapag mangyari ang emerhensya, kung kaya't mahalagang planuhin ito ngayon.

- Pumili ng isang kaibigan o kamag-anak na nasa labas ng bayan para makipag-ugnayan ang iyong pamilya. Nangangahulugan ito na ang bawat miyembro ng pamilya ay tatawag, o mag-iemail o mag-tetext sa parehong tao kung mangyari ang emerhensya para malaman ng taong iyon na kayo ay MABUTI. Sa panahon ng mga emerhensya, mas madaling gumawa ng malayuang tawag kaysa sa lokal na tawag, kaya pumili ng taong nasa labas ng bayan na makikipag-ugnayan sa mga magkahiwalay na miyembro ng pamilya.
- Alamin kung saan ka pupunta kung kakailanganin mong lisanin ang lugar. Maaaring ito ay bahay ng isang kaibigan o kamag-anak, isang otel o isang pampublikong kanlungan. Kung ikaw ay may alaga, siguraduhing ang mga lugar na ito ay tumatanggap ng mga alaga. Pumili ng iba't-ibang mga lugar sa magkakaibang direksyon.
- Itago mo ang mga mahahalagang numero. Isulat ang mga ito. Huwag umasa sa iyong celpon sa pagtatago ng mga numerong ito kung sakaling walang kuryente para kargahan ang iyong telepono.
- Kausapin ang mga paaralan ng iyong mga anak at mga tagapag-empleyo tungkol sa mga plano sa mga emerhensya.
- Isulat ang plano ng iyong pamilya. Pumunta sa www.ReadyVirginia.gov para makapaglathala ng promularyo.

2. **Kumuha ng kit** ng mga panustos sa emerhensya. Magkaroon ng sapat na makakatagal ng kahit hanggang tatlong araw. Ilagay ang mga bagay sa hindi nababasang lalagyan na maaaring mong dalhin. Magsimula sa mga ito:

- Tubig, isang galon sa bawat tao kada araw
- Pagkain na hindi masisira, tulad ng mga de-latang pagkain at mga nakapaketeng pagkain
- Isang de-baterya o de-pihit na radyo na may NOAA na radyo sa panahon at mga karagdagang baterya

Pagkatapos magdagdag ng:

- Mga lente at mga karagdagang baterya
- Kinakamay na abrelata kung ang kit ay naglalaman ng mga de-latang pagkain
- Kit sa pangunang lunas
- Isang nakasulat na listahan ng mga inireseta at mga doktor at ng kahit pang-isang linggong panustos na mga gamot
- Toilet paper, sabon, mga plastik para sa basura, mga mamasa-masang mga tuwalya para sa personal na kalinisan
- Mga espesyal na gamit para sa sanggol, sa matanda o sa may mga diperensyang miyembro ng pamilya
- Pagkain at tubig para sa iyong mga alaga
- Pito para humudyat ng tulong
- Piraso ng plastik at duct teyp para ligtas na manatili sa iyong kinalalagyan ("kumanlong sa iyong kinalalagyan")
- Pumunta sa www.ReadyVirginia.gov para sa detelyadong listahan ng mga panustos sa emerhensya.

3. **Manatiling may alam** tungkol sa maaaring mangyari. Makinig sa lokal na impormasyon bago, habang at pagkatapos ng isang sakuna. Ang lokal na TV at radyo ay makakapagbigay ng:

- Impormasyon sa panahon
- Anumang mga utos para lumikas
- Mga detalye tungkol sa mga ruta ng paglikas
- Mga lokasyon ng mga kanlungan sa paglikas
- Paanong ligtas na manatili sa iyong kinalalagyan
  - Kung sasabihin ng mga opisyal na ang hangin ay masama at kakailanganing mong kumanlong sa iyong kinalalagyan, mabilis na dalhin ang pamilya at mga alaga sa loob. Isusi ang mga pintuan at isara ang mga bintana at ang mga pasingawan. Patayin ang mga air-con, mga bentilador at mga patuyuan. Kunin ang iyong mga panustos sa emerhensya at pumunta sa kwartong iyong napiling sarahan.
  - Gumamit ng piraso ng plastik at ng duct teyp para takpan ang mga bintana, mga pintuan at mga pasingawan ng kwarto. Gumupit ng mga piraso na mas malaki sa isang pulgada sa puwang na gusto mong takpan para madikit mo ito ng pantay sa dingding. Isaalang-alang ang paggupit sa piraso ng plastik at markahan ang mga piraso bago mo ito gamitin.
  - Siguraduhing gumagana ang iyong de-bateryang radyo, at makinig sa mga instruksiyon.
- Para mas malaman ang tungkol sa mga uri ng emerhensyang makakaapekto sa mga taong naninirahan sa Virginia, pumunta sa www.ReadyVirginia.gov at i-click ang "Stay informed."

Ihanda ang iyong mga pamilya sa mga emerhensyang may kinalaman sa panahon at sa mga gawang-tao. Kailangang malaman ng mga taong naninirahan sa Amerika ang gagawin sa panahon ng emerhensya. Maglaan ngayon ng oras para maprotektahan ang iyong pamilya. Gumawa ng plano. Kumuha ng kit. Manatiling may alam.

Para sa karagdagang impormasyon pumunta sa **www.ReadyVirginia.gov**, tumawag ng libre sa **1-866-782-3470**, o sumulat sa **pio@vdem.virginia.gov**.

Gumawa ng plano.
Kumuha ng kit.
Manatiling may alam.